

MULING PAGSASAALANG-ALANG (RECONSIDERATION)

Ano ang Muling Pagsasaalang-alang (Reconsideration)?

Ang Muling Pagsasaalang-alang ay isang kahilingan para sa Office of Administrative Hearings (OAH) o Departamento na iwasto ang isang pinal na desisyon sa pagdinig.

Maaaring humiling ng Muling Pagsasaalang-alang kung sa tingin mo o ng regional center na:

- Mayroong pagkakamaling klerikal
- Isang makatotohanang pagkakamali
- Isang pagkakamali sa batas
- Mali ang opisyal ng pagdinig sa hindi pagdiskwalipika ng kanyang sarili

Paano ako hihingi ng Muling Pagsasaalang-alang?

Ang kahilingan para sa Muling Pagsasaalang-alang ay dapat gawin sa loob ng 15 araw mula sa petsa na natanggap mo ang panghuling desisyon sa pagdinig. Ang kahilingan ay dapat nakasulat. Dapat nitong sabihin ang tiyak na dahilan na sa tingin mo ay may pagkakamaling klerikal o pagkakamali sa katotohanan o batas. Kung sa tingin mo ay mali ang opisyal ng pagdinig sa hindi pagdiskwalipika ng kanyang sarili, dapat mong ipaliwanag kung bakit. Ang diskwalipikasyon ay kapag humiling ka ng ibang Tagapamagitan o Opisyal ng Pagdinig kung sa tingin mo ay hindi sila maaaring maging patas o walang kinikilingan. Dapat ka ring magpadala ng kopya ng iyong kahilingan sa regional center at sa Department of Developmental Services (DDS) o OAH.

Ano ang mangyayari pagkatapos kong humiling para sa Muling Pagsasaalang-alang?

Ang regional center ay maaaring magsumite ng impormasyong sumasalungat o sumusuporta sa kahilingan. Kung ang pinal na desisyon ay ginawa ng isang opisyal ng pagdinig, susuriin ng ibang opisyal ng pagdinig ang aplikasyon para sa Muling Pagsasaalang-alang.

Kung gumawa ka ng kahilingan para sa isang Muling Pagsasaalang-alang nang nasa oras, ang mga kasalukuyang serbisyo sa iyo (aid paid pending) ay magpapatuloy hanggang 10 araw pagkatapos ng desisyon sa Muling Pagsasaalang-alang.

Sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan sa Muling Pagsasaalang-alang ito ay maaaring:

- Tinanggihan
- Ipinagkaloob at binago ang desisyon; o
- Ipinagkaloob at nakatakda ang iyong usapin para sa isang bagong pagdinig. Ang isang bagong pagdinig ay dapat na isagawa sa loob ng 50 araw mula sa petsa na ipinagkaloob ang kahilingan.



Ang desisyon sa Muling Pagsasaalang-alang ay dapat na ipaalam sa iyo at sa regional center sa loob ng isang araw mula ng gawin ang desisyon. Matatanggap mo ang desisyon sa Muling Pagsasaalang-alang sa iyong gustong wika

Ang isang desisyon na nagwawasto sa isang pagkakamaling klerikal o pagkakamali sa katotohanan o batas ay dapat ipadala sa iyo, sa regional center, at sa Department of Developmental Services sa loob ng 5 araw ng negosyo pagkatapos ng desisyon sa Muling Pagsasaalang-alang.

Hindi mo kailangang dumaan sa Muling Pagsasaalang-alang bago magpatuloy sa korte.

Paano Humingi ng Tulong

Maaari kang humingi ng tulong upang maunawaan ang iyong mga karapatang umapela. Ang ilang ahensya na maaaring makatulong ay makikita sa pamamagitan ng pag-click sa tab na Getting Help (Pagkuha ng Tulong) sa: [The Lanterman Act Appeals Information Packet - CA Department of Developmental Services](#)

